| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 8 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | AUGUST 4-8, 2025 (WEEK 8) | Markahan at Linggo: | Unang Markahan |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon Propaganda hanggang Panahon ng Himagsikan at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng rebyu ng sanaysay at animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nakabubuo ng isang rebyu ng sanaysay sa pamamagitan ng tekstong *multimodal* (gaya ng *video* o animasyon)**<br>● Nasusuri ang ginagawang rebyu ng sanaysay batay sa inihandang rubrik<br>● Nakapipili ng angkop na platform para sa rebyu ng sanaysay<br>● Nakatatapos ng pinal na proyekto sa takdang-oras<br><br>**Naibabahagi ang nabuong proseso sa paglikha ng rebyu ng sanaysay sa napiling platform na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo (pag-uulat) at etikal na kasanayan at pananagutan**<br>● Natutukoy ang mga etikal na kasanayan at pananagutan sa pagbuo ng awtput<br>● Nakabubuo ng pinal na awtput na tekstong multimodal batay sa isinulat na burador na rebyu ng sanaysay ayon sa etikal na kasanayan at pananagutan<br>● Naibabahagi sa harap ng klase ang nabuong pinal na awtput na tekstong multimodal batay sa ibinigay na pamantayan<br>● Naibabahagi sa napiling platform ang nabuong proseso at rebyu ng sanaysay |
| **D. Nilalaman** | *Social Content Guidelines* ng DepED *Learning Resources*<br>Presentasyon ng Proseso Pinal na Awtput (Tekstong Multimodal) |

| | |
|---|---|
| **E. Integrasyon** | SDG 16: Kapayapaan, Hustisya at Matatag na mga Institusyon Pagpapahalagang Panlipunan<br>Netiquettes |

| | |
|---|---|
| | Gender Equality |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Generic Essay Rubric. Retrieved June 12, 2024 from https://gsi.berkeley.edu/media/generic-essay-rubric.pdf

Gino, F. (2016). Understanding ordinary unethical behavior: Why people who value morality act immorally. Current Opinion in Behavioral Sciences, 3, 107111. https://www.hbs.edu/faculty/Publication%20Files/Gino%202015%20%20Understanding%20Ordinary%20Unethi cal%20 Behavior_73a2aae2- 8013-46fb-bd35-5c1 fb5a75c4b.pdf

Lingayas V. (2023). Ethical Considerations for Students: Navigating Academic Integrity and Responsible Behaviour. Retrieved June10, 2024 from https://www.lingayasvidyapeeth.edu.in/ethical-considerations-for-students-navigating-academic-integrity-and- responsible-behaviour/#:~:text=Avoid%20engaging%20in%20unethical%20behaviors,responsibility%2C%20respect%2C%20and%20professionali sm.

Llego, M.A. (n.d.) Social Content Guidelines on DepEd Learning Resources. Retrieved June 10, 2024 from https://www.teacherph.com/social-content-guidelines-deped-learning-resources/

Villafuerte, P., Bandril, L., Bernales, R., Cabrera Jr., H., & Mangonon, I. (2000). Panitikang Panrehiyon sa Pilipinas. Mega-Jesta Prints, Inc.


| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**HULAAN MO:** Tukuyin ang angkop na sagot batay sa mga ibinibigay na clue bawat bilang.<br>1. P _ R _ _ _ — Ito ang antas ng wika na ayon sa pamantayang kinikilala at tinatanggap ng mga nakapag-aral at kalimitang ginagamit sa mga gawaing intelektwal.<br>2. _ S _ I _ _O — Ito ang pamamaraang ginamit sa pagpapahayag ng sumusulat ng sanaysay. | Maaaring pagpipilian ang mga inilahad na mga gawain.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. PORMAL<br>2. ESTILO<br>3. BORADOR<br>4. PAKSA<br>5. PUNTO<br>6. LAYON |

3. B _ R _ _ _ R — Ito ang balangkas ng isang akda, ang panimula o unang anyo ng isang susulating akda gaya ng sanaysay.

4. __ A K__ __ — Ito ang kabuoang pinag-uusapan o tinatalakay sa isang sanaysay.

5. _ U _ _ O — Ito ang mahalagang ideyang ibig sabihin ng manunulat ng sanaysay. Ito ang mahalagang ideyang ibig sabihin ng manunulat ng sanaysay.

6. L A ___ ___ N — Ito ang nais ipaunawa na magawa ng manunulat ng sanaysay sa pagtalakay ng kanyang nga ideya.

## 2. Pidbak

**TUKOY-SIMBOLO:** Saan kadalasang makikita ang mga simbolo? Ano ang ipinahihiwatig nito? Ibahagi sa klase ang nalalaman.

1. 


Kinuha mula sa: https://jesscastellote.wordpress.com/2017/02/25/plagiarism/

2. 


Kinuha mula sa: https://www.shutterstock.com/image-vector/no-copy-paste-caution-sign-vector-443384725

Talakayin ang sagot ng mag- aaral sa gawaing pantahanan.

**Mga Tamang Sagot:**

1. Ihinto ang plagiarismo o pangongopya sa gawa ng iba na walang pahintulot.
2. Bawal kumopya at gumamit ng anuman sa *social media* na walang pahintulot.
3. May etikal na responsibilidad ang lahat.

| | | |
|---|---|---|
| | <br>Kinuha mula sa: https://www.freepik.com/premium-vector/ethical-responsibility-icon-vector-image-can-be-used-human-resource_165813470.htm<br><br>**LISTA-DAHILAN:** Ilista ang mga dahilan bakit nangyayari ang plagiarismo at paano ito maiiwasan.<br> | |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghikayat na Gawain**<br>**ETIKAL o DI-ETIKAL:** Pag-usapan sa inyong pangkat kung etikal o di-etikal ang mga pahayag. Ipaliwanag ang sagot.<br>1. Habang nagbibigay ng *quiz* ang guro, abala rin si Andy sa pangongopya sa katabi dahil hindi siya nakapag-aral.<br>2. May nakita si Grace sa onlayn na *power point presentations* o PPT na parehong-pareho sa paksa na iuulat niya sa klase. Mabilis niya itong na-*copy paste* sa kanyang *account*. Naisip niyang angkinin ang gawang di kanya.<br>3. Tinamad si Eddie sa paggawa ng mga proyekto sa klase. Nagbayad siya ng taong gagawa para sa kanya. Dahil dito, may naipasang proyekto si Eddie sa takdang oras. | Maaaring pagpipilian ang mga naihandang mga gawain. |

**DUGTUNGAN MO:** Dugtungan ang akrostik na PANANAGUTAN. Isaalang-alang ang ugnayan ng etikal na kasanayan at pananagutan sa *social media.*

**PA** katatandaan na may mga tuntunin na dapat sundin sa *social media* **NA**____

**NA**________________________________________________________


**GU**________________________________________________________

**TAN**_______________________________________________________

2. **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**Pagproseso sa Pag-unawa**

Ang etikal na kasanayan at pananagutan ay tumutukoy sa mga prinsipyo at gawi na inaasahang sundin ng isang indibidwal o grupo upang mapanatili ang mataas na antas ng integridad, katapatan at responsibilidad sa ba't ibang larangan ng buhay.




3. **Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**PILI-TITIK:** Piliin ang tinutukoy sa pangungusap. Titik lamang ang isulat.

1. Ito ay tungkol sa pagkilala at pagsunod sa kung ano ang tama at mali sa mga aksiyon at desisyon ng tao.

   A. etika C. totoong tao

**Mga Tamang Sagot:**


1. A
2. C
3. B

| | | |
|---|---|---|
| | | 4. D |

| | | |
|---|---|---|
| | B. pagpapahalaga D. edukasyon<br>2. Ito ay pagnanakaw sa intelektuwal na pag-aari ng iba.<br>A. pagkilala C. plagiarismo<br>B. pagtuloy D.pandarambong<br>*3.* Kabilang dito ang mga onlayn na *platform* kagaya ng *Youtube, Facebook, Tiktok* at marami pang iba. Maaaring magpost ng mensahe, larawan, bidyo at iba pa.<br>*A. social account* C. *social page*<br>*B. social media* D. *social action*<br>4. Tumutukoy ito sa mga nilalaman o materyales na ibinabahagi sa *social media* at iba pang onlayn na platform upang makipag-ugnayan sa iba.<br>*A. social page* C. *social account*<br>*B. social action* D. *social content* | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa:** ***Social Content Guidelines ng Learning Resources at***<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**TUON-DUNONG**: Narito ang mga tanong na maaaring pag-isipan tungkol sa paksang pag-aaralan. | |

| Ano ang nilalaman ng *Social Content Guidelines* ng *Learning Resources* mula sa Departamento ng Edukasyon? | Ano ang kahalagahan sa pag-alam ng *Social Content Guidelines* ng *Learning Resources* mula sa Departamento ng Edukasyon? | Paano ilalapat ang natutunan sa ginawang ng tekstong multimodal? |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

**UGNAY-IDEYA**: Isulat ang maiuugnay na mga ideya tungkol sa mga salitang nasa bilog.




**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**HATI-PAKSA**: Hahatiin ang klase sa apat upang babasahin at tatalakayin ang paksa.

**Pangkat 1: Bansa at Pagkamamamayan / Relihiyon**

**Pangkat 3: Mga Modelo sa Lipunan/Kasarian**

**Pangkat 2: Lipunan**

**Pangkat 4: Kalusugan at Kaligtasan/Kapaligiran/At Iba pa**

**BASA-TALA**: Pangkatan ang pagbababasa at pagpapatala ng mahahalagang impormasyon.

*SOCIAL CONTENT GUIDELINES SA LEARNING RESOURCES NG DEPED*

Isinalin ni Galcoso C. Alburo

Upang matiyak na ang mga larawan, teksto, sining at manwal na ginagamit sa mga aklat at iba pang kagamitang panturo ay nagtataglay ng pagpapahalagang panlipunan at naaayon sa pambansang programang pang- edukasyon, bumuo ang Departamento ng Edukasyon ng mga pamantayan:

| | | |
|---|---|---|
| | ***Bansa at Pagkamamamayan:***<br>● Igalang ang mga simbolong Pambansa at maging simbolo ng mga institusyon.<br>● Maging masunurin at magalang sa konstitusyon at mga batas.<br>● Maging mapanghikayat na makiisa at maging responsableng mamamayan (e.g., nagpapakita ng pagkukusa kaysa pagiging palaasa sa ibinibigay na tulong ng pamahalaan at iba pang ayuda.<br>● Iwasan ang pagkiling sa mga dayuhang produkto, gawain, at pagpapahalaga.<br>● Gamitin ang mga ilustrasyon at mga larawang kuha sa Pilipinas mula sa mga komunidad, bagay, hayop at mga tao nito.<br>● Ipakita ang mga teknolohiya, mga laro, mga sayaw, damit, pagkain, festivals, selebrasyon, at kaugalian ng bansa.<br><br>***Relihiyon***:<br>● Gamitin lamang ang mga reperensiya tungkol sa alimang relihiyon tulad ng teksto, ilustrasyon, at mga larawan kung may kinalaman lamang ito sa paksang tinatalakay.<br>● Tiyakin na akma ang mga reperensiya sa mga grupo ng pananampalataya o relihiyon at ito ay wasto, tunay at awtentiko sa angkop na pangyayari/lugar at/o panahon ng kasaysayang ipinakikita.<br><br>***Lipunan:***<br>● Ipakita ang mga kontribusyon ng kalalakihan at kababaihan, grupong kultural at mga pangkat etniko tungkol sa ekonomiko at lipunang pag-unlad.<br>● Pangalagaan ang ugaling mapagtanggap, mapag-unawa, at pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng mga sektor at pangkat sa lipunan.<br>● Pantay na ipakita ang totoong buhay sa mga pook urban at rural.<br>● Magbigay ng halimbawa ng mga pamumuhay o sitwsyong nangyayari sa labas ng Metro Manila. Kapwa gamitin ang urban at rural na sitwasyon na hindi gumagamit ng estereotipo.<br>● Iwasan ang pagkukumpara na magtutulak sa pagkakawatak-watak ng mga pangkat sa lipunan, kultural man o relihiyosong grupo.<br>● Magpakita ng galang sa iba't ibang anyo o pattern ng pamilya (nuclear, extended, single parent o two parents).<br>● Isulong at igalang ang karapatan ng mga bata, nakatatanda, may ibang pang kakayahan o differently able, at iba pang nanganganib at mahihinang sektor ng lipunan.<br>● Umiwas sa pagbibigay ng atensiyon sa mga nauuso o lumilipas na personahe at mga kaganapan, hindi mapagkakatiwalaang teorya at pananaw. | |

- Isulong ang pangangailangan at pagtupad sa mataas na etikal na pamantayan at koda ng pag-uugali at kanilang pagpapanatili ng pagtupad nito sa lahat ng aspekto ng lipunang Pilipino.
- Huwag ipakikita ang mga pisikal, sekswal, at mental na pang-aabuso ng nakatatanda sa mga kabataan gayundin ang mga bayolenteng laro at paglilibang o entertainment.
- Huwag gagamit ng mga sitwasyon na manghihikayat ng paggawa ng krimen, karahasan, at mga bisyo.
- Iwasan ang mga materyales na may pangungutya sa mga tao, nagsusulong ng paglabag sa mga batas o anomang gawaing labag sa batas at moralidad.
- Igalang ang mga pagkakaiba-iba ng lahi, etniko, at kultura sa lipunan.
- Iwasan ang bias at estereotipo kaugnay sa alinmang indibidwal o pangkat.
- Iwasan ang hindi wasto, hindi mahalaga, o hindi akmang pagpapalabas o pagpapakita sa mga simbolo ng isang lahi/etniko, at kultural na pangkat, kaugalian, pamahiin, festivals, kasuotan, pangalan o wika.

***Mga Modelo sa Lipunan:***

- Iwasan ang magkaroon ng bias sa kasarian; pagiging estereotipo sa mga ginagampanan ng lalaki at babae.
- Ipakita ang mag-asawa bilang magkatuwang sa pagbuo at pamamahala ng pamilya.
- Hanggat maaari ay iwasan ang paggamit ng mga taong nabubuhay pa bilang modelo sa lipunan, maliban na lamang kung ang mga taong nabubuhay na modelo ay talagang may labis na kahanga-hanga o exceptional na nagawa na kinilala ng lahat o may virtue anoman ang kanilang pinagmulan o kinabibilangang lahi, etniko, at kultural na pangkat.
- Iwasan ang pagbibigay puri o di angkop na pagbibigay puri sa mga tao at kanilang mga nagawa.
- Ipakita ang balanse o patas na larawan o deskripsiyon ng mga manggagawa at tagapamahala. Ipakita ang magagandang modelo mula sa mga public servant tulad ng pulis, sundalo, at opisyales ng pamahalaan sa halip na gawin silang kakutyaan at katawa-tawa.
- Ipakita ang mga manggagawang nag-aambag sa pag-unlad ng bansang Pilipinas.

***Kasarian:***

- Iwasan ang paggamit ng *sexist* o di patas na gamit ng wika sa mga kasarian, *bias*, at estereotipo sa usaping propesyon ng kalalakihan at kababaihan, hanapbuhay ambag sa lipunan, mga gawi at papel na ginagampanan sa pamilya.

- Huwag ipagkukumpara tahasan man o hindi ang kakayahan ng kalalakihan at kababaihan sa politikal, ekonomiko, o panlipunang kagalingan ng bansang Pilipinas at ng mundo.
- Panatilihin ang pantay na trato sa mga ginagampanan na mga kasarian, hanapbuhay, at ambag sa mga ipakikitang teksto at mga larawan at ilustrasyon.

***Kalusugan at Kaligtasan***

- Itaguyod ang pisikal, mental at kagalingan ng kalalakihan at kababaihan, mga bata, at nakatatanda.
- Hikayatin ang mga taong huwag gumamit ng tabako/sigarilyo, alak, narkotiko at ipinagbabawal na gamot.
- Iwasan ang pagpapakita ng pagtangkilik ng mga pagkaing tulad ng *junkfoods* o tsitserya at di masustansiyang pagkain.
- Itaguyod ang mga istandard na pangkalusugan, kaligtasan, at pag-iingat.

***Kapaligiran***

- Ipakita ang mga gawaing may kinalaman sa konserbasyon ng likas na yaman at protektahan ang kalidad ng kapaligiran.
- Itaguyod ang personal at pakikiisang panlipunan sa pamamahala ng kapaligiran para sa mapagpatuloy na pag-unlad o *sustainable development.*

***Iba pa***

- Iwasan ang paggamit ng *brand name* ng alinmang mga produkto maging logo ng mga kompanya.
- Hikayatin ang madla para sa makataong pagtrato sa mga hayop at paggalang sa buhay ng lahat ng nilalang kabilang na ang mga halaman.

## IKAAPAT NA ARAW

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**ULAT-ALAM:** Ibahagi sa klase ang nabasa tungkol sa *Social Content Guidelines* at sa pamamagitan ng pangkatang pag-uulat.



Kinuha mula sa :**https://ph.pikbest.com/png-images/qiantu-cartoon-image-of-little-boy-pointing-at-blackboard_2715269.html**

**BIGAY-PAHALAGA**: Sagutin ang mga katanungan tungkol sa binasang teksto.

| Tukuyin ang mga *Social Content Guidelines* na iyong nasunod at di- nasunod sa paghahanda ng tekstong multimodal. | Bakit kailangang kilalanin at irespeto ang intelektuwal na pag-aari ng iba? | Ano ang posibleng mangyayari sa mga hindi susunod sa pamantayan o *guidelines?* Bakit? |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**TSEK-GAWA:** Sa gabay ng rubrik ay suriin ang sinulat na sanaysay. Lagyan ng kaukulang puntos ang ginawa.

## Rubrik sa Pagsulat ng Rebyu Sanaysay

| Kategorya | Higit na Inaasahan (5) | Nakamit ang Inaasahan (4) | Bahagyang Nakamit (3) | Hindi Nakamit ang Inaasahan (2) | Walang Napatunayan (1) | Iskor |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Introduksi-yon** | Nakapanghihi-kayat ang panimula at malinaw na nabanggit ang pangunahing paksa gayundin ang layunin ng rebyu. | Nakalahad ang pangunahing paksa sa panimula gayundin ang layunin ng rebyu. | Nakalahad ang pangunahing paksa sa panimula subalit hindi sapat ang pagpapaliwa-nag ukol dito | Hindi malinaw ang introduksiyon, pangunahing paksa gayundin ang layunin ng rebyu. | *Hindi nakita sa ginawang sanaysay | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Organisas-yon ng Ideya** | Lohikal at mahusay ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya at makatuwiran ang argumento batay sa matibay na ebidensiya | Mahusay ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya at may argumento batay sa matibay na ebidensiya | Bahagyang napagsunod-sunod ang mga ideya at mga argumento batay sa ebidensiya | Hindi malinaw ang pagsusunod-sunod ang mga ideya at mga argumento batay sa ebidensiya | * | |
| **Diskusyon** | Balanse ang pagsusuri at napanatili ang obhetibong tono sa pagsusulat | May pagsusuri at obhetibong tono sa pagsusulat | Bahagyang nadebelop ang pagsusuri | Hindi nadebelop ang pangunahing ideya | * | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Koklusyon** | Nakapangha-hamon ang konklusyon at naipapakita ang pangkalaha-tang palagay | Naipapakita ang pangkalaha-tang palagay o paksa | Hindi ganap na naipapakita ang pangkalaha-tang palagay o paksa | May kakulangan at walang pokus ang konklusyon | * | |
| **Mekaniks** | Wasto lahat ang bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay | Halos walang pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita | Maraming pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita | Magulo ang estruktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita | * | |
| | | | | | **Kabuoang Iskor** | |

| | | |
|---|---|---|
| | **ULAT-GAWA:** Iulat sa klase ang proseso ng pagbuo ng rebyu ng sanaysay. Gawing gabay ang rubrik.<br><br>**Rubrik sa Pag-uulat** | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**DUGTUNGAN MO:** Dugtungan mo ang “I believe________” batay sa mga natutunan sa buong linggo. Sabihin din ang “And I thank you” pagkatapos sumagot.<br><br>Halimbawa: | |

| Kategorya | Katnagi- tangi<br><br>(5) | Ganap<br><br>(4) | Kasiya-siya<br><br>(3) | Hindi Sapat<br><br>(2) | Hindi Sinubukan<br>(1) | Isko r |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pagtalakay sa Paksa** | Lohikal, malinaw na malinaw at organisado ang pagtalakay | Malinaw at organisado ang pagtalakay | May mga punto na kailangan ng paglilinaw | Paulit-ulit ang punto ng nagsasalita | Hindi naoobser-<br>bahan | |
| **Ginamit na Biswal** | Akmang- akma at nagagamit nang maayos sa pagtalakay ang mga kagamitang biswal | Akma at nagagamit nang maayos sa pagtalakay ang mga kagamitang biswal | Akma ang biswal subalit nakapokus sa dekorasyon at di napalutang ang ibang detalye | Hindi akma ang biswal | Walang biswal na ginamit | |
| **Nilalaman** | Sapat na sapat, wasto, konkreto at makabuluha n ang impormasyon | Sapat, konkreto at makabuluha n ang impormasyon | Angkop ang mga salitang ginamit ngunit hindi sapat. | Kulang ang inihandang impormasy on at hindi sapat. | Nahirapang pumili ng tamang salita sa pagtalakay | |
| | | | | | **Kabuoang Iskor** | |

| | | |
|---|---|---|
| | *I believe* <u>mahalagang irespeto ang gawa ng iba at hindi ito basta kopyahin lamang ng walang pahintulot.</u> *And I thank you!*<br>**1. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>***HIGH FIVE:*** Magtala ng limang (5) mahahalagang natutunan sa linggong ito. | |

| Napiling Platform | Hashtag | Puna/Obserbasyon |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit/Performans**<br>**HASHTAG-AWTPUT:** Ibahagi sa napiling *social media platform* ang nabuong proseso at rebyu ng sanaysay. Maglagay ng hashtag at i-tag ang guro sa Filipino. | | | |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. |
| | ***At iba pa*** | | | Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |

CREDIT TO THE ORIGINAL OWNER OF THIS FILE